


# EPP-AFA

## Modyul 9: Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga ng Hayop



**EPP-AFA Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Modyul 9: Kabutihang Dulot sa Pag-aalaga ng Hayop  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Loralyn D. Casulla  
**Editor:** Jelly M. Flores  
**Tagasuri:** Filip P. Canas  
**Tagaguhit:** Jason C. Borabo  
**Tagalapat:** Jeffrey B. Sape  
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas,  
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares,  
Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500  
Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373  
E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

**EPP-AFA**  
**Modyul 9:**  
**Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga**  
**ng Hayop**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;

1. Natatalakay ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan.
2. Natutukoy ang mga hayop na maaaring alagaan sa tahanan.



## ***Subukin***

Isulat sa patlang ang titik T kung Tama ang iyong sagot at M naman kung Mali.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang aso ay itinuturing na *man's best friend*.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang hayop ay nagdudulot ng dumi at kalat sa loob ng tahanan.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang pag-aalaga ng hayop sa tahanan ay nakapagbibigay ng karagdagang kita sa mag-anak.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang pag-aalaga ng hayop ay nagdudulot ng kasiyahan at nakaaalis ng inip.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang alagang manok ay nakapagbibigay ng pagkain tulad ng itlog at karne.

**Lesson  
9**

**KABUTIHANG DULOT NG PAG-  
AALAGA NG HAYOP**



***Balikan***

Sa araling ito, lubos nating mauunawaan ang kahalagahan ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan. Ang kabutihang naidudulot nito sa tao at sa kabuhayan ng pamilya ay maaari itong mapagkakitaan. Matatalakay din sa araling ito ang maaaring maidulot sa kalusugan ng pag-aalaga ng hayop. Tutukuyin din ang mga hayop na maaaring alagaan at ang mga katangian nito.

Isulat ang T kung Tama ang isinasaad ng pangunguap at M kung Mali.

\_\_\_\_\_ 1. Sa pagpapalano sa pagtanim ng halamang ornamental dapat paghandaan ang mga darating na okasyon.

\_\_\_\_\_ 2. Magtanim ng mga halaman na ordinaryo lamang.

\_\_\_\_\_ 3. Tiyakin na ang pananim ay kaakit-akit sa paningin ng mamimili.

\_\_\_\_\_ 4. Ilagay lamang sa kung saan-saan ang mga inaning halaman.


\_\_\_\_\_ 5. Sa paghahalamanan, hindi kailangan ang pagtatala ng puhunan.



## **Tuklasin**

Sino sa inyo ang may mga alagang hayop sa bahay? Anu-ano ang mga ito?


Pag-aralang mabuti ang larawan sa ibaba, ano ang mapapansin mo sa mga ito?




1. Ano ang napansin mo sa mga larawan?
2. May ganito ka bang alaga sa bahay?
3. Paano mo ito inaalagaan?

Ang pag-aalaga ng hayop sa bahay ay maraming maidudulot na kabutihan. Ito ay nakabubuti sa ating kalusugan. Ito rin ay maituturing na isang magandang kasama sa bahay.


Ang pag-aalaga ng aso sa bahay ay nakatatanggal ng stress at ayon sa pag-aaral, ito rin ay nakapagpapababa ng dugo. Sila ay nakakasama sa pag-eehersisyo at ibang libangan.



1. Ang aso ay tinatawag na pinakamatalik na kaibigan ng tao. Maraming pagkakataon ng napatunayan ang katapatan ng aso bilang kaibigan. Mainam itong alagaan dahil nakatutulong ito bilang gabay sa paglalakad at maging sa pagbabantay ng tahanan. Ngunit nakakatakot kapag sinasaktan dahil ito ay lumalaban.




2. Ang pusa ay isa ring hayop na mainam alagaan dahil bukod sa ito'y taga-huli ng daga mabait din itong kalaro ng mga bata. Katulad ng aso, ito rin ay nakatatanggal ng stress at nakapagpapababa ng dugo.




3. Ang mga ibon bilang alagang hayop sa bahay ay madaling maturuan. Maraming ibon ang natututong magsalita. Sila rin ay natututong gumawa ng iba't ibang antics kaya maraming tao ang nahuhumaling mag-alaga ng ibon. Sila ay madaling alagaan. Maliban sa nakakapagdulot sila ng kasiyahan sa nag-aalaga, ito rin ay maaaring pagkakitaan.






4. Ang kuneho ay isa ring magandang alagaan sa bahay dahil bukod sa sila ay eco-friendly animals, ito ay mabait at nagbibigay ng masustansyang karne at hindi madaling dapuan ng sakit. Ang pagkain ng kuneho ay mga halamang dahon na maaaring itanim sa ating mga bakuran tulad ng letsugas, kangkong, at repolyo. Maaari rin silang bigyan ng butil ng mais o giniling na munggo.

Ang dumi ng kuneho ay maaaring ipunin at gawing pataba sa ornamental na halaman dahil ito ay mayaman sa nitrogen at phosphorus. Ang mga patapong bagay tulad ng towels, mga lumang kuwaderno at iba pa ang gustong laruan ng kuneho.



5. Ang manok ay isa rin sa mainam alagaan dahil ito'y nagbibigay karagdagang kita sa mag-anak tulad ng karne at itlog nito. Kinakailangan ang ibayong pag-iingat sa pag-aalaga ng manok dahil may mga pagkakataon na nagkakaroon ito ng sakit na pwedeng nitong ikamatay.



6. Dagang costa- mainam din alagaan ang dagang costa dahil ito ay nagbibigay- aliw sa nag-aalaga. Isa siyang uri ng daga na natuturuan sa paggawa katulad ng mga ginagamit sa carnival. Ito ay ginagamit sa laro sa ibabaw ng mesa na may mga kahon na kapag narinig nila ang signal ay tatakbo sila sa loob ng kahon na may numero. Kapag nakataya ka sa pinasukan na kahon ng dagang costa, panalo ka.



## ***Suriin***

1. Anu-anong bagay ang mabuting naidudulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan?
2. Sa inyong tahanan, tumukoy ng isang hayop na inyong inaalagaan at isa-isahin ang mga kabutihang dulot nito sa inyong pamilya.
3. Basahin at unawain ang mga sumusunod:


### **Mga kabutihang naidudulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan**

1. Nakapagbibigay ng saya at nakaaalis ng inip.
2. Nakapagpapabuti sa kalusugan.
3. Nakadadagdag ng kita sa mag-anak.
4. Nakapagbibigay ng pagkain tulad ng itlog at karne.
5. Nakapagbibigay ng pagkakataong mag-ehersisyo.
6. Nagiging mabuting kasama sa bahay.
7. Nagkakaroon ng interaksyon sa ibang tao.
8. Magandang kasanayan sa bata na magkaroon ng responsibilidad sa pag-aalaga ng hayop.



## **MGA HAKBANG SA MAAYOS NA PANGANGALAGA NG HAYOP SA TAHANAN**

1. Itayo ang kulungan sa isang bakanteng lote o likod ng bahay.
2. Linisin ang lugar at maglagay ng kanal sa paligid nito para daanan ng tubig.
3. Bigyan ang mga alagang hayop ng sapat na pagkain, malinis na tubig at bitamina upang maging malusog ang mga ito.

1. Mabuti ba ang naidudulot sa alagang hayop kung malinis ang kinalalagyan ng mga ito?
2. Dapat bang sundin ang mga hakbang tungkol sa maunlad na paghahayupan?



### ***Pagyamanin***

Iguhit ang hugis na puso  kung ito ay nagsasaad ng kabutihan na dulot ng pag-aalaga ng hayop sa inyong tahanan at hugis bilog  naman kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Nagbibigay ng saya at nakaaalis ng inip.
- \_\_\_\_\_ 2. Nakadaragdag ng kita sa mag-anak.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagdudulot ng dumi sa paligid ng tahanan.
- \_\_\_\_\_ 4. Nagiging responsable ang bata sa pag-aalaga ng hayop.
- \_\_\_\_\_ 5. Nagbibigay ng pagkain tulad ng itlog at karne.

Sagutin:

1. Bakit mo nagustuhan ang mga hayop na nabanggit upang alagaan sa inyong bahay?
2. Nakatutulong ba ito sa pangangailangan ng inyong pamilya? Sa paanong paraan?



### **Isaisip**

Lagyan ng (/) kung masigla at mabungang paghahayupan ang sumusunod na pangungusap at (x) kung hindi.

\_\_\_ 1. Bigyan ng wastong pagkain at bitamina upang maging malusog ang mga alagang hayop.

\_\_\_ 2. Ang tirahan at kulungan ay dapat panatilihing malinis upang maging ligtas sa sakit at peste ang mga alagang hayop.

\_\_\_ 3. Maglagay ng insecticide sa palagid ng kulungan ng mga alagang hayop.

\_\_\_ 4. Pakainin sa tamang oras ang mga alagang hayop.

\_\_\_ 5. Gawan ng tamang kulungan ang mga hayop nang walo hanggang sampung metro mula sa bahay.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Bakit mahalaga ang pag-aalaga ng mga hayop?
2. Paano nakatutulong sa kabuhayan ng mag-anak ang pag-aalaga ng hayop? Ipaliwanag.
3. Anu-anong uri ng hayop ang maaaring alagaan at pakinabangan?
4. Paano ginagawa ang pag-aalaga sa iba't ibang klase ng hayop?

5. Anu-ano ang mga kapakinabangang dulot ng pag-aalaga ng hayop?



### ***Isagawa***

Iguhit ang paborito mong hayop na inaalagaan sa bahay at bigyang linaw ang sumusunod na mga tanong.

- a. Ano ang pangalan ng alaga mong hayop?
- b. Gaano karami ang inaalagaan mo nito sa inyong bahay?
- c. Anu-ano ang mga kabutihang dulot nito sa iyong buhay?



### ***Tayahin***

Hanapin sa loob ng kahon ang tinutukoy na hayop na kalimitang inaalagaan sa tahanan. Isulat ang titik ng tamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel o kuwaderno.

- |   |
|---|
| <ol style="list-style-type: none"><li>a. Pusa</li><li>b. Aso</li><li>c. Manok</li><li>d. Dagang costa</li><li>e. Kalapati</li><li>f. Kuneho</li></ol> |
|---|

\_\_\_\_\_1. Itinuturing ito na man's best friend.

\_\_\_\_\_2. Ito'y taga-huli ng daga at mabait din itong kalaro ng mga bata.

- \_\_\_\_\_ 3. Nagbibigay ito ng itlog at karne.
- \_\_\_\_\_ 4. Isa siyang uri ng daga na natuturuan sa paggawa katulad ng sa carnival.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang hayop na ito ay eco-friendly.



## ***Karagdagang Gawain***

Magsagawa ng survey sa inyong lugar o barangay tungkol sa mga inaalagaan nilang mga hayop sa bahay. Punan ang chart sa ibaba. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

Mga alagang hayop	Bilang ng mga ito	Mga pagkain nito	Kabutihang naidudulot nito
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

Itanong:

1. Gaano na katagal ang inaalagaan mong mga hayop?
2. Anu-ano ang inyong ginagawa kapag may mga dumadapong sakit sa kanila?

***Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain sa araling ito.***



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. T
2. M
3. T
4. T
5. T

**Balikan**

1. T
2. M
3. T
4. M
5. M

**Pagymanin**

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

**Sagutin**  
Depende sa mga sagot ng bata

**Tayahin**

- 1. b
- 2. a
- 3. c
- 4. d
- 5. f

**Sagutin :**

1. Mahalaga ang pag-aalaga ng hayop dahil nakatutlong ito sa pamilya at nakapagbibigay ito ng kabuhayan tulad ng manok na nagbibigay ng itlog at karne.

2. Nakatutlong ito sa kabuhayan ng mag-anak dahil nagkakaroon sila ng dagdag na kita.

3. Ang mga hayop na inaalaan sa bahay ay ang mga manok, pusa, aso, dagang costa, kuneho etc.

4. Depend sa mga sagot ng bata.

5. Ang mga kapakinabangang dulot ng pag-aalaga ng hayop ay ang mga sumusunod: nagbibigay saya at nakaaalis ng inip, nakapagpapatni sa kalusugan, nakakadagdag kita sa mag-anak, nagbibigay ng pagkain tulad ng itlog at karne, etc.

**Isaisip**

- 1. /
- 2. /
- 3. X
- 4. /
- 5. /



## ***Sanggunian***

*Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4. Pasig City: Vibal Group, Inc.*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)